

Ang Tunay na Pag-asa Para sa Iyong Namatay na mga Mahal sa Buhay (Bahagi 2)

Batay sa kabanata 7 ng aklat na *Ano Ba Talaga ang Itinuturo ng Bibliya?* na available sa jw.org/tl.

LAYUNIN: Suriin ang paniniwala mo at kung bakit mo iyon pinaniniwalaan, alamin ang itinuturo ng Bibliya, at tingnan kung paano mo maipaliliwanag sa iba ang iyong paniniwala.



PAANO TAYO NAKATITIYAK NA TALAGANG MAGKAKAROON NG PAGKABUHAY-MULI?

1 SURIIN ANG PANINIWALA MO

Ano ang paniniwala *mo*?

Bakit iyon ang pinaniniwalaan mo?

Si Jehova ay may kakayahan at pagnanais na buhayang-muli ang ating namatay na mga mahal sa buhay.

(Tingnan ang kabanata 7 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya*, parapo 11-15.)

Basahin ang Isaias 40:26.

Kung alam ni Jehova ang pangalan ng bawat isa sa trilyon-trilyong bituin sa uniberso, ano ang masasabi natin sa kakayahan niyang alalahanin ang ating namatay na mga mahal sa buhay?

Basahin ang Job 14:13-15.

Paano ipinakikita ng mga talatang ito na inaasam ni Jehova na buhayang-muli ang kaniyang tapat na mga lingkod?



Napakadali para kay Jehova na buhayang-muli ang namatay, kung paanong madali para sa isang ama na gisingin ang kaniyang anak na natutulog

Ang pag-asa ng pagkabuhay-muli ay matibay na nakasalig sa Kasulatan.

(Tingnan ang kabanata 7 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya*, parapo 16-25.)

Basahin ang Juan 5:28, 29; 11:25.

Ano ang ipinangako ni Jesus tungkol sa mga namatay?

Basahin ang Isaias 25:8.

Paano ginagarantiyahan ng pananalitang “si Jehova mismo ang nagsalita nito” na talagang magkakaroon ng pagkabuhay-muli?

Sino ang gustong-gusto mong makita sa panahon ng pagkabuhay-muli, at bakit?

3

IPALIWANAG ANG IYONG PANINIWALA

KUNG MAY MAGSASABI...

Hindi kapani-paniwala ang pagkabuhay-muli.

PUWEDE MONG SABIHIN...

Maaaring marami ang sasang-ayon diyan. Pero iba ang paniniwala ko dahil...

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

Depende sa pananaw ng kausap mo, paano ka mangangatuwiran gamit ang tekstong iyan?

KUNG MAY MAGSASABI...

Wala pa akong nakitang binuhay-muli, at naniniwala lang ako sa mga bagay na nakikita ko.

PUWEDE MONG SABIHIN...

Totoo na wala pang tao sa ngayon ang nakakita ng binuhay-muli. Pero naniniwala ako na talagang mangyayari iyon dahil...

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

Depende sa pananaw ng kausap mo, paano ka mangangatuwiran gamit ang tekstong iyan?
